

TETEKSBUK-TEKSBUK: O, MAG-TEXTBOOK AY DI BIRO

ni Mark Anthony Angeles



Si Mark Anthony Angeles ay isang full-time instructor sa Departamento ng Filipino, Kolehiyo ng Edukasyon ng UST. Natanggap niya ang kaniyang master's degree sa Filipino: Malikhaing Pagsulat mula sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Noong 2013, naging writer-in-residence siya ng International Writing Program sa University of Iowa, USA. Isang multi-awarded na makata, kuwentista, at mananaysay, kasama sa mga aklat niya ang Kuwento ng Dalawang Lungsod, isang salin sa Filipino ng A Tale of Two Cities ni Charles Dickens, na inilathala ng Komisyon sa Wikang Filipino at National Commission for Culture and the Arts noong 2018. Kolumnista siya ng Pinoy Weekly, literary editor ng bulatlat.com, at features contributor ng GMA News Online. Noong 2021, inilathala ng University of the Philippines Press ang kaniyang aklat na Ang Huling Emotero, isang koleksiyon ng 144 dagli at isang kritikal na papel na tumalunton sa kasaysayan ng nasabing katutubong anyo sa bansa.

Mga akdang pampanitikan ang WIP (work-in-progress) ko ATM (at the moment). Pero, at kahit na pinalad na malathala sa ilang academic journal ang aking mga tula, dagli, at sanaysay ngayong taon—nakasungkit pa ng gantimpala sa Makata ng Taon 2022 ng Komisyon sa Wikang Filipino—

wala akong pinagsusunugan ng kilay na alinmang manuskrito ng sariling koleksiyon.

Sabagay, kakalabas lang noong 2021 ng tatlo kong aklat: isang koleksiyon ng mga dagli (*Ang Huling Emotero*) mula sa University of the Philippines Press at dalawang aklat pambata (*Kamot nang Kamot nang Kamot* at *Mga Tsinelas ni Yasher*) mula naman sa Chikiting Books. Hindi rin sinasadyang magkasabay-sabay ang launching ng mga ito sa parehong buwan. Nagkaroon lang talaga ng planetary alignment. Ibang kaso na ang balitang hindi muna inilabas ng Chikiting Books ang printed copies ng batch na kasama ang dalawang aklat pambata ko.

Ang totoo, tumanggap ako ng santambak na labada. Ibig sabihin, tumanggap ako ng maraming raket. Lahat ng ito ay tungkol sa pagsulat ng teksbuk.

Naging bahagi ako ng textbook industry noong 2013. Nagsimula ako sa pagsusulat ng mga literary selection para sa Filipino at English grade school textbook ng isa sa nangungunang kompanya sa kapuluan. Pinagsulat na rin ako ng feature articles para sa Agham Panlipunan at quarterly supplement sa Filipino. Hanggang sa mag-debut ako bilang author nang solo kong ilabas ang *Creative Nonfiction* (CNF) noong 2017. Noong isang taon lumabas ang dalawa kong teksbuk sa Filipino. Co-author ko roon ang subject consultant sa teksbuk ng Filipino 5. Solo author naman ako sa Filipino 6.

Nakursunadahan ata ng mga editor ang content and style ko. Ako na ang sumasalo sa mga proyektong iniwan ng iba, tinatanggihan ng iba, at inaalís sa kamay ng iba. Naging co-author ako ng teksbuk sa Filipino 10. Ako ang natokahan sa paghabi ng retelling ng mga akdang pampanitikan sa dulo ng junior high school Filipino (*Ibong Adarna*, *Florante at Laura*, *Noli Me Tangere*, at *El Filibusterismo*). Sinalo ko na rin ang ilang gabay para sa guro.

Hindi biro ang magsulat ng teksbuk. Kaming mga umaastang progresibong guro ay binato ng putik ng mga umaastang mas progresibong guro kaysa sa amin. Bakit daw kami nagsusulat ng mga teksbuk para sa K-12 curriculum habang nagtataas ng kamao laban dito. Kulang na lang ay sabihin nilang mga Orocan kami at mga mukhang ₱. Hindi na ako nakapagpigil at sinagot ko sa Facebook ang paratang na iyon noong 2015. Mas malinaw pa sa sikat ng araw ang rason. Hindi kami nagsusulat- para sa K-12. Nagsusulat kami para sa mga estudyanteng naka-enrol sa K-12. Hanapin na lang kako iyong sinabi ni Brecht kung ano ang gagawin sa mga cultural apparatus. Maisip din sana ng nagpasaring na hindi porke textbook writers kami ay ligtas na kami sa mga pasakit na pang-ekonomiya at pampolitika. May mga awtor na inabot na ng isang taon ay hindi pa rin nakukuha ang tseke nila. Buti na lang hindi ko naranasan iyon sa kompanyang nagkomisyon sa akin.

May puntos ang pagteteksbuk para maayudahan ang status ko bilang guro...ngayon. Ngayon na nagtuturo na ako sa kolehiyo. Pero hindi bago sumapit ang 2016, nang unang ni-roll out ang senior high school at nakabalik ako sa pagtuturo. Pumasok ako sa pribado, Katolikong paaralan kung saan ako nagtapos ng hayskul. Pero para sa aking isang malikhaing manunulat, hindi hayag ang gintong ani nito. Walang gantimpala para sa pinakamahusay na teksbuk kada taon. Wala ni readers' choice awards. Ni hindi rin ibinebenta sa mainstream bookstores ang mga kopya ng mga teksbuk na inilalabas ng kompanya ko. Prinsipyo raw ito ng may-ari. Siguro para hindi magmukhang komersiyal/isado ang teksbuk. Wala rin kaming booth sa Manila International Book Fair, kaya walang mahawakang kopya maski ang mga gustong sumilip ng mga pinagpaguran ko.

Bago matapos ang taong ito, ilalabas na ang dalawang teksbuk ko: ang *Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik* na solo kong binuno at ang *Essentials of Media and Information Literacy* na sinalo ko ang kalahati. Itinuro ko na sa klase ang una. Muntik namang hindi ko

napirmahan ang kontrata ng ikalawa. May nag-urirat, hindi naman daw ako guro ng IT (Information Technology). Hindi pinansin na Journalism ang kursong tinapos ko sa kolehiyo. Hindi man iyon IT, may component iyong multimedia na hinihingi ng subject. Buti na lang at may tiwala sa kakayahan ko ang editor. At nairaos ko naman nang maayos at wasto.

May mga mabibigat akong natutuhan mula sa dalawang iyon. Una, hindi dapat idepensa ang fair use para sa hindi paghingi ng permiso sa mga kina-copy-paste sa manuskrito. Kailangang humingi ng copyright permission kahit pa nalathala online ang mga akda nila at kahit pa below 20% na bahagi ang kinuha mo. Ikalawa, kahit i-paraphrase mo ang sinipi mong teksto, at kahit may proper citation pa, maaari ka pa ring siluin ng kasong plagiarism sa kategoriyang patchwriting. Ito ang pinakamahirap lusutan, lalo na kapag definition of terms, dahil paano mo pa tatalupan at sasangkutsain ang teksto kung itinira mo na ang pinakabatayang rekado?

Noong Marso, kinontak ako ng editor. Pumalakpak ang tenga ko. May iskedyul na ng meeting para sa pagbubuo ko ng *Malikhaing Pagsulat* (MP). Ako ang gumawa ng second edition ng pinakahuling kopya niyon. May mga hindi ako marebisa dahil nakatali sa balangkas ng awtor na gumawa ang gusto kong baguhin. Ngayon, malaya na akong gumawa ng sarili kong balangkas para sa sarili kong content. Isa pa, ilang taon ko nang naituro ang MP bago ako lumipat sa pagtuturo sa kolehiyo.

Pero napatda ako. Sa akin din iaatang ang pagbubuo ng *Creative Writing* (CW). Bukod pa rito, mauuna pa iyong gawin kaysa sa MP.

Tinanggap ko na rin ang proyekto, tatal halos iisa lang ang curriculum guide ng MP at CW. Alin man sa dalawa ay pre-requisite ng CNF para sa Humanities and Social Sciences (HUMSS) strand ng senior high school.

Ginawa ko ang plano para sa dalawang teksbuk. Sa yugtong ito ng proseso ng paggawa, malaya ang awtor na hatiin sa kung ilang yunit at aralin ang kaniyang teksbuk. Siya rin ang bahalang humati sa mga paksa sa curriculum guide at mag-distribute ng mga iyon sa mga aralin. Ibig sabihin, kung walang lohika ang awtor, babagsak ang kaniyang pundasyon. Hindi pa siya nakakapagsimula sa pagsulat sa Yunit 1, nakaamba nang maligwak ang mga susunod na yunit.

Tinapos ko ang halos kalahati ng CW habang nakabakasyon nang isang buwan sa Baguio. Habang isinusulat ito, tinatapos ko ang unang bahagi ng Yunit 1 ng MP habang nakabakasyon muli nang isang buwan sa Summer Capital.

Maraming isinukli sa akin ang pagsusulat ng teksbuk. Pagtuturo ang naging unang trabaho ko pagkalabas ko sa unibersidad. Nag-handle agad ako ng advisory class at student publication ng grade school department. Hindi ako nakapag-Educ, pero, dahil sa pagteteksbuk, kaya kong ipaliwanag ang revised Bloom's taxonomy, 4Cs of 21st Century Learning, Five Teaching Approaches, Differentiated Instruction, at Six Facets of Understanding. Natuto akong mag-unpack. Natuto akong gumawa ng formative at summative assessments. Naging mas madali na sa akin ang pagkuha at pagtatapos ng Certification in Professional Education ngayong taon.

Naipasok ko rin sa pagteteksbuk ang mga adbokasiya ko. Naigiit kong kailangang ituro ang social media responsibility, e-commerce, at paglaban sa fake news kahit sa mga estudyante sa elementarya. Hindi dapat iniismol ang mga bata, lalo na't digital natives sila. Naigiit kong hindi lang personal essays ang CNF. Sa pagsulat ng CW at pagsusulat ng MP ngayon, naigiit ko ang mga akdang pampanitikan ng mga kababayan nating intelektuwal, lalo na iyong mga hindi binibigyan ng espasyo ng akademya o ineetsapuwersa.

Mag-iisang dekada na ako sa pagteteksbuk sa susunod na taon. Gusto ko sanang magsulat ng katumbas ng *On Literature* ni Umberto Eco

o maski *On Literature and Art* ni Vladimir Il'ich Lenin, pero nakatali pa rin ako sa kurikulum. Sabi nga sa industriya, “Pwedeng sumobra, h’wag lang kulang.” Ideolohikal pa rin sa akin ang pagteteksbuk. Mula sa mismong pagkakalas at pagre-rearrange ng curriculum guide, lalo’t maraming bahaging wala sa lohika, hanggang sa pagpili ng tema at paksa. Pana-panahon, may mga estudyante at magulang na nagpapadala ng mensahe sa akin sa social media. Ginamit daw nila o ng anak nila ang teksbuk ko o nabasa ang literary selection na ako ang nagsulat. Hinihikayat ko silang maging kritikal din, dahil gaya ko, baka maatangan sila ng kaparehong responsabilidad ng paggiya sa mga batang utak ng susunod na henerasyon.

